# Tungkol Saan

Ang proyekto ng Circle of Women ay isang 31-buwang inisyatiba na nakatuon sa pagtugon sa mga hadlang na kinakaharap ng mga kababaihang imigrante sa pag-access ng impormasyon, mga serbisyo, at suporta na may kaugnayan sa gender-based violence. Sa pamamagitan ng mga kasanayang tulad ng:

- Pakikipag-ugnayan sa mga kalalakihan bilang mga kaanib
- Pag-aalok ng place-based na mga serbisyo
- Paigtingin sa pamamagitan ng pagbabahagi ng impormasyon

Layunin naming pataasin kamalayan, magbigay suporta, at mag-alok ng mahalagang pagkukunan sa bagong dating na mga kababaihan.

# Mga Layunin

- Mas pabutihin ang access sa mahahalagang pagkukunan at serbisyo para sa mga kababaihang imigrante.
- Maiwasan ang GBV ang suportahan ang mga kababaihan sa pagbuo ng mas ligtas na pamumuhay.
- Para makapagbigay ng mga peer support group, mga sesyon para sa impormasyon, at pagyamanin ang mga kasanayan sa pagpigil sa GBV.



## Ano ang Gender-Based Violence?

Tumutukoy ang gender-based violence (GBV) sa mapaminsalang mga gawain na nakadirekta sa mga indibidwal batay sa kanilang kasarian. Maaaring iba't ibang paraan ito tulad ng pisikal, emosyonal, at pang-ekonomiyang pang-aabuso, at lubha nitong naaapektuhan ang mga kababaihang imigrante dahil sa pagkakabukod, kakulangan ng impormasyon, at sistematikong mga hadlang.

## Paano nakakaapekto ang GBV sa mga kababaihang imigrante?

Maraming kababaihang imigrante ang humaharap sa karagdagang mga hamon, tulad ng mga hadlang sa wika, pagkakabukod, at pagiging hindi pamilyar sa legal at panlipunang sistema. Dahil sa mga salik na ito, maaaring mas malagay ang mga kababaihan sa pang-aabuso sa bahay, sa trabaho, o sa loob ng mga komunidad. Nakatuon ang proyektong Circle of Women sa pagsira sa mga hadlang na ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mapagkukunan, suporta ng mga kasamahan, at mga koneksyon sa komunidad.

## Makipag-ugnayan sa amin


projects@imwah.org

www.imwah.org

902 -580-2678


IMWAH



# Circle of Women

Lumilinang ng Mga Kasanayan Laban sa Gender-Based Violence Para sa Mga Kababaihang Imigrante, Migrante, at Walang Status sa Nova Scotia.


Women and Gender Equality Canada | Femmes et Égalité des genres Canada | Canada

# Makilahok Ka

**Mga Kalahok:**

Tinatanggap namin ang mga kababaihang imigrante mula sa anumang background na naghahanap ng suporta, mapagkukunan, kaligtasan, at mabibilangan. Kung naghahanap ka ng mga koneksyon at gabay habang hinaharap ang mga hamon, narito ang proyektong ito para tulungan kang makaramdam ng kaligtasan at suporta.

**Mga Tagapagbigay ng Serbisyo at Organisasyon ng Komunidad:**

Bukas kami para makipagtulungan sa mga tagapagbigay ng serbisyo, kabilang ang mga klinika ng kababaihan, mga health center, mga grupo ng adbokasiya, mga gumagawa ng patakaran, organisasyong pangkultura, at mga settlement service, para ikonekta ang mga kababaihan sa mahahalagang pagkukunan, suporta, at impormasyong makukuha sa kanilang mga komunidad.

Makikipagtulungan kami sa mga tagapagbigay ng sebisyo para tuklasin ang mga magagandang kasanayang ito sa konteksto ng Nova Scotia, na naglalayong mas maunawaan ang kanilang bisa at pagiging epektibo para sa aming mga partner.

**Mga Employer:**

Gusto naming makipag-ugnayan sa mga employer sa pamamagitan ng one-on-one na pag-uusap para mas maunawaan ang mga hamin ng pagtugon sa gender-based violence sa trabaho, at tuklasin ang mga paraan para makagawa ng mas ligtas na kapaligiran sa trabaho para sa mga kababaihan.

# Epekto ng Proyekto

Sa malapit na pakikipagtulungan sa mga kababaihang imigrante at organisasyon ng komunidad, naglalayon ang Circle of Women na makapagbigay ng:

- Naka-ayon na mga materyal na pang-edukasyon sa mga proseso ng paglipat, legal na mga karapatan, at mga sistema ng suporta.
- Mga peer support group para mabawasan ang pagkakabukod at paigtingin ang pagkaka-isa ng komunidad.
- Mga daan patungo sa mga lokal na suporta at mapagkukunan.





# Ang Pangangailangan ng Aksyon

Mahalaga ang access sa impormasyon at suporta para maiwasan ang GBV. Ayon sa bagong research, maraming kababaihang imigrante sa Nova Scotia ang kulang sa access sa mahahalagang impormasyon sa mga karapatan, batas ng pamilya, at mga serbisyo na available para sa kanila. Kung wala ang mga mapagkukunan na ito, maraming kababaihan ang napapabayaang nasa panganib ng pang-aabuso at karahasan, na negatibong nakakaapekto sa pagsasama at kalusugan ng pag-iisip.